Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 21 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI LAGUNA (2022-2025), NA GINANAP NOONG IKA - 5 NG DISYEMBRE 2022, SA BULWAGAN NG SANGGUNIAN NG BARANGAY ANGLAS, CAVINTI LAGUNA

RECEIVED
JAN 24 2023
2:34 pm

MGA DUMALO: Kgg. MILBERT L. OLIVEROS, Pang. Punumbayan
Kgg. Charles Clifford F. Matta;
Kgg. Romel J. Villanueva
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros
Kgg. Stephanie Princes P. De Guzman
Kgg. Elma P. Flores, Kagawad;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC-President; at
Kgg. Adrian O. Lope, SKF- President;

HINDI DUMALO: Kgg. Godfrey L. Lubuguin; (*sick leave*)

**PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 003 – 2022**

**(MAY AKDA: SB ROMEL J. VILLANUEVA)**

**ISANG KAUTUSAN NA MAHIGPIT NA IPINAGBABAWAL ANG PAMAMAHAGI, PAGBEBENTA, MULING PAGBEBENTA NG MGA PRODUKTONG PAMBOTIKA SA MGA TINDAHANG NAGTITINGI AT IBA PANG ESTABLISIMYENTONG KAURI NITO SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 15 , Artikulo 2 ng Konstitusyon ng 1987 na ang ating pamahalaan ay may kapangyarihang protektahan at isulong ang karapatang pangkalusugan ng mga mamamayang kanyang nasasakupan;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 30 ng Batas ng Republika Blg. 10918, na mas higit na kilala sa tawag na "*The Philippine Pharmacy Act*" na nagbabawal na mag-imbak, mamamahagi, magbenta o muling magbenta ng mga produktong pambotika sa mga tindahang nagtitingi lalo't higit ay hindi lisensyado ng *Food and Drugs Administration* (FDA);

**SAPAGKAT**, alinsunod pa rin sa Batas ng Republika Blg. 8203, o kilala sa tawag na "*The Special Law on Counterfeit Drugs*, na nagbabawal sa sinumang tao na mag manupaktura, magbenta, ialok upang ibenta, magdonasyon, ipamahagi at ng iba pang mga bawal na Gawain sa pagbebenta o ibenta ang mga pekeng gamot;

**SAPAGKAT**, sa kabila ng nagdaang pandemya ay nagkaroon din ng mga kaso ng mga pagbebenta ng mga pekeng gamot at ito ay naiulat din ng dating Pangulong Rodrigo Roa Duterte;

ATTESTED:

Hon. Charles Clifford F. Mata
SB Member

Hon. Jimmy Jose V. Oliveros
SB Member

Hon. Romel J. Villanueva
SB Member

Hon. Staphanie Princess P. De Guzman
SB Member

(S.L)
Hon. Godfrey L. Lubuguin
SB Member

Hon. Elma P. Flores
SB Member

Hon. Glenn Haze M. Cabuhat
SB Member

Hon. Habshan Dave D. Blastique
SB Member

Hon. Manuel A. Dela Roca
ABC President

Hon. Adrian O. Lope
SKF President

HON. MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

APPROVED:

HON. ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

CERTIFIED BY:

Nitzshell Torres – Dela Torre
Secretary to the Sangguniang Bayan

**SAPAGKAT**, ayon din sa *DILG Memorandum Circular* Blg. 2022-025 na may petsa na Marso 02, 2022 na inaatasan ang bawat yunit ng Pamahalaang Lokal at Lokal na Sanggunian na magsasagawa ng batas na pipigil sa mga ganitong gawain;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, para sa pangkalahatang kagalingan at pangangalaga sa kalusugan ng mga mamamayan, ang pinahahalagahan, buong pagkakaisang-sinang-ayunan ng lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan sa nagkakatipon,na

**IPINAG-UUTOS** ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, sa nagkakatipon-tipon, na:

## SEKSYON I. MGA SAKLAW NG KAUTUSAN

Ang Kautusang ito ay maaring ipatupad sa mga sumusunod (*on-line* man o *direct selling*):

a) Mga may negosyong *Grocery* o *Wholesale*
b) Mga sari-sari store o tindahang nagtitingi
c) Mga indibidwal na ahente ng gamot
d) Mga grupo ng tao ng mga ahente ng gamut

## SEKSYON II. LAYUNIN

Ang layunin ng ordinansang ito ay i-implementa ang mga regulasyon at patakaran na nakapaloob sa Batas ng Republika Blg. 10918 sa pamamahagi, pagbebenta at muling pagbebenta ng mga produktong pambotika.

## SEKSYON III. MGA ALITUNTUNIN

a) Ang sinumang mga mamamayan indibidwal man o grupo na nagmamay-ari ng mga negosyo gaya ng mga nasasaad sa nakaraang seksyon na walang pahintulot o permiso buhat sa Food and Drugs Administration na makapagbenta ng anumang uri ng mga gamot ay mahigpit na ipinagbabawal;

b) Na binibigyan ng karapatan ang Tanggapan ng Pambayang Kapulisan, Municipal Health Unit o RHU, at Tanggapan ng Punong Barangay na magtakda ng mga taong opisyal na magmomonitor at bantayan ang mga establisyementong nababanggit ng nakaraang seksyon (III-a) kung sila ay tumatalima sa kautusang ito;

c) Na ang sinumang mga indibidwal na mga ahente o supplier ng mga gamot o panindang pambotika ay kinakailangang magtungo sa pamahalaang barangay upang magbigay ng sipi nang kanyang pagkakakilalanlan at kumuha na rin ng kinauukulang *barangay clearance* o permiso ng pagnenegosyo.

ATTESTED:

Hon. Charles Clifford P. Mata
SB Member

Hon. Jimmy Jose V. Oliveros
SB Member

Hon. Romel J. Villanueva
SB Member

Hon. Stephanie Princess P. De Guzman
SB Member

(S.L)
Hon. Godfrey L. Lubuguin
SB Member

Hon. Elma P. Flores
SB Member

Hon. Glenn Haze M. Cabuhat
SB Member

Hon. Habshan Dave D. Blastique
SB Member

Hon. Manuel A. Dela Roca
ABC President

Hon. Adrian O. Lope
SKF President

HON. MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

APPROVED:

HON. ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

CERTIFIED BY:

Nitzshell Torres – Dela Torre
Secretary to the Sangguniang Bayan

**SEKSYON IV. PASUBALI**

Na binibigyang karapatang makapagtinda ang mga may negosyong grocery o wholesaler, at mga may tindahang nagtitingi ng mga karaniwang gamot sa mga pangkaraniwang gamot sa mga pangkaraniwang sakit gaya ng sipon, lagnat, ubo, at sakit sa ulo, maliban lamang sa mga antibiotic.

**SEKSYON V. KAPARUSAHAN**

Ang sinumang tao o grupo ng mga tao, negosyante na mahuhuli, at napatunayan na lumabag sa kautusang ito ay papatawan ng kaukulang multa gaya ng mga sumusunod;

Multa at kaparusahan ng may ticket na sitasyon sa halagang Dalawang Libo at Limandaang Piso (₱2500.00) at pagbawi ng permiso sa pagnenegosyo at lisensya ng Pamahalaang Lokal at ng *FDA*, maging hindi na hahayaang makapagnegosyo; kapag napatunayang peke o huwad ang kanilang mga ipinagtitinda o ayon na rin sa pasya ng hukuman.

**SEKSYON VI. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA**

Na ang anumang mga naunang ordinansa na sumasalungat sa isinasaad ng kautusang ito ay pinawawalang bisa at saysay, upang mabigyang daan ang mga pag-amyenda sa kautusang ito.

**SEKSYON VII. HIWALAY NA SUGNAY**

Na kapag ang anumang nahagi o probisyon ng kautusang ito ay naideklarang hindi naaayon sa mga Saligang Batas at iba pang takdain ay hindi nakakaapekto sa katumpakan at pagkakabisa ng iba pang mga bahagi o probisyon nito.

**SEKSYON VIII. PAGKAKABISA**

Na ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay ganap na mapagtibay ng Sangguniang Bayan at ng Punumbayan at maipaskel sa mga hayag na lugar dito sa Cavinti, Laguna sa loob ng Labin-limang araw.

UTOS: Sa Kalihim ng Sangguniang Bayan ng na papdalhan ng sipi ng ordinansang ito ang mga sunusunod, para sa kanilang maagang kaalaman, gabay at kaukulang pagpapatupad.

1. Tanggapan ng Punumbayan
2. Tanggapan ng Pambayang Ingat-yaman
3. Himpilan ng Pulisya
4. Tanggapan ng DILG
5. Lahat ng Punong Barangay
6. Lahat ng Establisimyento dito sa Cavinti, Laguna
7. Iba pang ahensiya ng Pamahalaan
8. Kgg. Sangguniang Panlalawigan ng Laguna, Sta. Cruz, Laguna.

**PINAGTIBAY.**

**ATTESTED:**

**Hon. Charles Clifford F. Mata**
SB Member

**Hon. Jimmy Jose V. Oliveros**
SB Member

**Hon. Romel J. Villanueva**
SB Member

**Hon. Staphanie Princess P. De Guzman**
SB Member

*(S.L)*
**Hon. Godfrey L. Lubuguin**
SB Member

**Hon. Elma P. Flores**
SB Member

**Hon. Glenn Haze M. Cabuhat**
SB Member

**Hon. Habshan Dave D. Blastique**
SB Member

**Hon. Manuel A. Dela Roca**
ABC President

**Hon. Adrian O. Lope**
SKF President

**HON. MILBERT L. OLIVEROS**
Vice-Mayor

**APPROVED:**

**HON. ARRANTLEE R. ARROYO**
Municipal Mayor

**CERTIFIED BY:**

**Nitzshell Torres – Dela Torre**
Secretary to the Sangguniang Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

PINATUTUNAYAN KO na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-21 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-5 ng Disyembre 2022.

NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

MAY KINALAMAN:

KGG. CHARLES CLIFFORD MATTA
SB Member

HON. ELMA P. FLORES
SB Member

KGG. JIMMY JOSE V. OLIVEROS
SB Member

KGG. GLENN HAZE M. CABUHAT
SB Member

KGG. ROMEL J. VILLANUEVA
SB Member

KGG. HABSHAN D. BLASTIQUE
SB Member

KGG. STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN
SB Member

KGG. MANUEL A. DELA ROCA,
ABC-President

*(Sick Leave)*
KGG. GODFREY L. LUBUGUIN
SB Member

KGG. ADRIAN O. LOPE
SKF President

**HON. MILBERT L. OLIVEROS**
**VICE – MAYOR**

APPROVED:

**ARRANTLEE R. ARROYO**
**MUNICIPAL MAYOR**

**Date Signed:** 01-20-2023

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG CAVINTI

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA MGA LUPON SA MGA BATAS AT ORDINANSA AT PANGANGALAGA SA KALUSUGAN NA GINANAP NOONG IKA-23 NG NOBYEMBBRE, 2022, DITO SA BULWAGANG PULUNGANG PAMBAYAN.

MGA DUMALO: SB ROMEL J. VILLANUEVA, TAGAPANGULO NG LUPON SA MGA BATAS AT ORDINANSA.
SB STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN,TAGAPANGULO NG LUPON SA PANGANGALAGA SA KALUSUGAN
SB GLENN HAZE M. CABUAHAT

PANAUHN: (SEE ATTACHED ATTENDANCE)

PAKSA: ISANG KAUTUSAN NA MAHIGPIT NA IPINAGBABAWAL ANG PAMAMAHAGI, PAGBEBENTA, MULING PAGBEBENTA NG MGA PRODUKTONG PAMBOTIKA SA MGA TINDAHANG NAGTITINGI AT IBA PANG ESTABLISIMYENTONG KAURI NITO SA NASASKUPAN NG BAYAN NG CAVINTI.

PAGTALAKAY SA PAKSA:

Binuksan ni SB Romel J. Villanueva ang Pampublikong Pagdinig sa ganap na 9:46 ng umaga. Kasunod ang pagbati sa bawat isa at ang paghingi ng paumahin ng buong Sangguniang Bayan sa pagkakaroon ng isang abala sa araw na ito. Ngunit aniya, ito ay isang bahagi ng ating trabahao bilang isang mambabatas. Kaya sa pagkakataong ito ay pinasasalamat din ng Sagnguniang Bayan sa pagdalo sa patawag na ito sa kabila na tayo ay may kanya-kanyang gawain. Kinilala rin ni SB Romel Villanueva ang lahat ng nagsidalo sa pagpupulong.

At sa panimula ni SB Romel Vilanueva, sinabi na upang limiin at pag-aralan ang isang ordinansa tungkol sa pagbebenta ng gamot na ito ay ipinag-uutos ng DILG. Dahil noong nakaraang pandemya ay nagkaroon ng problema sa pamamahagi/pagbebenta ng mga pangunahing gamot. At nagpapasalamat din siya sa mga may-ari ng botika dahil sila ay nakarating rin dito. At bago lumawig ang talakayan , ibinigay ang hapag kay Barangay kagawad Leonarda Hisarza para pamunuan ang isang panalangin.

Sa panimula ng talakayan, ipinaliwanag ni SB Romel Villanueva na ang tungkol sa ordinansa na atas ng DILG ay ito ay inabutan na nila simula pa ng sila ay mapalulok sa Sangguniang Bayan at sinabi na ito ipinag-uutos din ng dating Pangulo Rodrigo Roa Duterte . Kaya kinakailangan na ang bawat bayan ay magsagawa ng isang ordinansa tungkol sa pagbebenta ng mga gamot. Sinabi pa ni SB romel Villanueva na kaya nga inanyayahan na rin ang mga may-ari ng botika na bagama't alam naman natin na sila'y talagang mga lisensyado para inform din sila sa ordinansa/makapagshare din ng mahahalagang impormasyon tungkol sa mga gamot. At para sa bigyan ng kapunahan ang nilalaman ng panukalang ordinansang pagtatalakayan, ito binasa ni SB Romel Villanueva sa kapulungan. At ipinaliwanag niya na matapos ang bawat pahina kung may mga kapunahan o katanungan ay sabihin upang agad na itong pag-uusapan. Aniya'y bibigyan ng sapat na oras, pagpapahalaga at paggalang kung ano ang kanilang opinyon sa ordiannsang ito. Sinabi pa ni SB Romel Villanueva na bilang isang konsehal ng barangay na Chairman ng Committee on Health and Sanitation, aniya ay alam rin nila ang paggawa ng isang batas. Sinabi pa ni SB Romel Villanueva na kung ito ay hindi susundin, sila daw ay babali sa ipinag-uutos, kaya ayon sa kanya na marapatin na ang ordinansa para sa pagbebenta ng gamot ay maipasa, dahil aniya ay mayroon na nito sa mga ibang bayan.

Matapos basahin ang unang pahina, kinilala sa hapag si Barangay kagawad Freddie Pornobe at ang naging katanungan ay tungkol sa pangalwang hanay ng **SAPAGKAT, Alinsunod sa Seksyon 30 ng Batas ng Republika ng Pilipinas Blg. 10918, na mas higit na kinikilala sa tawag na "The Philippine Pharmacy Act" na nagbabawal na mag-imbak, mamahagi, magbenta o muling magbenta ng mga produktong pambotika sa mga tindahang nagtitingi lalo't higit ay hindi lisensyado ng Food and Drugs Administration (FDA).** At bilang paglilinaw, itinanong kung sakaling ang ordinansa ay ipinatutupad na sa bawat barangay , wala bang kalakip na listahan kung ano ang mga specific na gamot ang ipinagbabawal/pangkalahatan?

Tungkol sa naging katanungan, sinabi ni SB Stephanie Princess De Guzman na ang RA 10918, The Philippine Pharmacy Act, dapat lahat ng gamot ay talagang approved ng FDA dahil may mga

gamot na lumalabas na ***no approved Therapeutic names***. At ito ay isang challenge rin dahil kadalasan sa isang hindi malalaking drugs company ay may mga lumalabas na gamot na walang nakasulat ***no therapeutic names*** at ini-incourage ang mga mamamayan na huwag tangkilikin ang ganito at ito ay sa pangkalahatan. Dahil ang layunin natin, ay mapangalagaan/maprotektahan ang kalusugan ng mga mamamayan at tayo iyong kailangang magpaalala sa kanila.

Bilang karagdagang paliwanag, sinabi ni SB Romel Villanueva na ang naging pahayag ay ukol sa Republic Act na dito isinusunod o ibinabagay ang mga gamot. At aniya ang focus ng ordinansa ay pagdating sa kaparusahan dahil ang inaatasan ay para mapigilan iyong tulad sa mga bara-barangay. At aniya ay naranasan niya noong siya ay Punong Barangay pa ay hindi makasiguro na may mga nagdedeliver ng gamot na hindi galing sa mga lisenyadong kompanya at baka daw iyon ay fake....Hindi tulad daw ng mga gamot na ibinibigay ng CBK sa walong barangay na parang ito'y mga generics pero sigurado hindi fake ang mga ito at sa mga lisensyadong pagawaan ng gamot nanggagaling dahil ang CBK ay kinikilalang institusyon. Ayon pa kay SB Romel Villanuea na siguro ay iyon din ang layunin dito na huwag kumalat ang mga pekeng gamot.

Pagdating naman sa pahina 2, Seksyon III. MGA ALITUNTUNIN at SEKSYON IV. PASUBALI ipinaliwanag ni SB Romel Villanueva na ang nakasaad rito ay mula sa Memorandum Circular ng DILG. Aniya ay kung mapapansin sa paggawa ng ordinansa karaniwan ay pagdaing sa kaparusahan, ito ay may una, pangalwa at ikatlong paglabag. Ngunit sinabi pa ni SB Romel Villanueva, dito sa odinansang pinag-uusapan ay dalawa lamang ang ginawang kaparusahan, subalit base sa MC ay isa lamang ang binabanggit na maging kaparusahan. Paliwanag pa ni SB Romel Villanueva na noong nakaraang pagpupulong ay inimbitahan na rin ang pambayang manggagamot sa katauhan ni Dra. Aileen Abadier at nakapagbigay na rin ng opinyon at ibinahagi na rin ang kanyang kaalaman /karanasan. Sumang- ayon rin siya sa mga nakasaad sa probisyon ng ordinansa at maging ang nakatalagang DILG dito sa bayan ng Cavinti na si G. Vibert Javier ay inanyayahan rin at siya ang nagturo/nagpayo na gawin ang mga nasabing mga seksyon. At sinabi pa ni SB Romel Villanueva na kaya dumadaan sa isang Pampublikong Padinig ang isang orinansa , dahil ito ay bahagi sa pagpapasa ng isang batas. Kaya sang-ayon pa kay SB Romel Villanueva ang paksa ay napag-aralan na ng lupon. Dagdag pa rin niya na ang pinaghanguan ng ordinansang ito ay mula sa Nayonal na pamahalaan at ibinababa sa mga lokal na pamahalaan sa pamamgtigan ng DILG. Sinabi pa ni SB Romel Villanueva na ito ay ipinag-uutos ng nasabing tanggapan sa kadahilanang nitong nagpandemic kung kailan ay nagkaroon ng problema sa pagbebenta ng gamot. Kaya pinasasalamatan din ni SB Romel Villanueva ang mga may ari ng botika sa kanilang pakikipagtulugan noong panahon ng pandemic. At tulad nga ng nabanngit niya sa bandang unahan na ang ipinag-uutos na ito ng DILG ay naabutan na simula ng mapaluklok siya bilang miyembro ng Sangguniang Bayan, kaya aniya ito ay matagal na at hindi naman pweding baliwalain, kaya't ito ay isinusulong ng kasalukuyang konseho at aniya pati ang PNP ay inaatsan rin para sa pagpapatupad ng ganitong gawain.

Sapagkat wala ng iba pang puna sa pahina 1, kaya't ipinagpatuloy ni SB Romel Villanueva ang pagbabasa sa ordinansa.

Matapos itong basahin at bilang paglilinaw ni PEMS Arvin A. Flores sa pahina 2, aniya kung mapapansin ang nakasaad sa mga alintuntunin at sa kaparusahan ay may dalawang (2) paglabag ngunit ayon sa Memorandum Circular mula sa DILG at kung susuriin ay conflict , sapagkat sa MC, ang sinasabi ay agad revocation of Business Permit, ibig sabihin ay isa lamang kaparusahan.

Sang-ayon kay SB Romel Villanueva, base nga sa Memorandum Circular ay iisa ang kaparusahan, subalit sa ordinansa ay ginawang dalawa at aniya, ito naman ay pweding pang baguhin depende sa mapagkakasunduan sa hapag. Dagdag pa ni SB Romel Villanueva na kaya nga nagpapatawag ng Public Hearing, bukod sa ito ay bahagi ng pagpoproseso ng isang ordinansa ay upang mahingi rin ang panig ng mamamayan. Nabanggit pa rin niya na kung mapapansin dito sa bayan ng Cavinti ay hindi masyadong mahigpit ang pagpapatupad hindi tulad sa nangyayari sa mga urbanisadong bayan .

Tungkol **Seksyon IV-PASUBALI,(a) Na binibigyang karapatang makapagtinda ang mga may negosyong grocery o wholesaler at mga may tindahang nagtitingi kung sila ay lisensya mula sa FOOD AND DRUGS ADMINISTRATION** at ang tungkol naman sa **Seksyon V-KAPARUSAHAN (2) Ikalawang Paglabag Multa at kaparusahan ng may ticket na sitasyon sa halagang Dalawang Libo at Limandaan Piso (Php2500.00) at pagbawi ng permiso sa pagnenegosyo at lisensya ng pamahalaang Lokal at FDA, maging hindi na hahayaang makapagnegosyo**. At kaugnay sa magkasunod na seksyong nabanggit, sinabi ni PEMS Arvin A. Flores na siya ay nako-confuse sapagkat aniya ay hindi magkatugma ang nakasaad na probisyon sa mga nabanggit na

seksyon. At nais din niyang linawin, bakit babawian ng Business Permit, gaano ba kabigat ang nilabag na batas?

Samakatuwid, sang-ayon kay SB Romel Villanueva, ibig sabihin ay aalisin na ang Seksyon IV-PASUBALI? Dahil nga taliwas sa nakasaad sa kaparusahan blg. 2. At kaugnay rito, aniya, noon ay nabanggit din ni DILG na talagang papatawan ng kaparusahan basta napatunayan na may mga peke /hindi approved ng FDA/hindi lisensyado ng ahensya ng pamahalaan ang panindang gamot.

Paglilinaw ni PEMS Alvin Flores siguro ay hindi naman aalisin ang SEKSYON IV-PASUBALI at suhestyon na ito ay dagdagan na lamang ng kapag napatunayana fake ang gamot ay saka babawian ng lisensya, dahil aniya, dapat ay may violation na fake ang tindang gamot , kung papatangan ng kaparusahan.

Sinabi ni SB Romel Villanueva na iyong blg. 1 at 2 ay pag-iisahin na lamang at bubuo na lamang ng isang specific na kaparusahan. At aniya, ayon sa Section 4.2 ng DILG Memorandum Circular ay talagang isa lamang ang kaparusahan. Kaya paglilinaw ni SB Romel Villanueva na ang idagdag sa kabuuan ng SEKSYON V-KAPARUSAHAN na ang 1 & 2 ay bubuuin na lamang ng isang paglabag sa batas dahil ito ang inaatas ng DILG. At ang PASUBALI, itinanong ni SB Romel Villanueva kung ito ay aalisin na sa bahagi ng ordinansa? Aniya ang ordinansang ito ay para lamang sa may mga sari-sari store, dahil ang mga botika ay wala namang problema sapagkat lisensyado talaga sila sa pagtitinda ng mga gamot. At paalala na rin sa may mga sari-sari store na dapat ay lisensyado na rin ng FDA/sa mga sa mga botika bibili ng mga panindang gamot.

Sang-ayon naman kay Brgy. Freddie Pornobe na sapagkat ang ordinansa ay pangkalahatan na kung saan ay hindi naman lingid sa atin na may mga supplier sa bawat barangay na nagtitinda ng mga gamot at aniya ay ano kaya ang magagawang tulon/ggawin para madetermine na may mga lisensya ang nagdadala ng gamot sa mga barangay, gaya ng mga nakamotor/may personal na sasakyan, kailangan na sila ay matiyak na may mga lisensya.

Paglilinaw ni SB Romel Villanueva na Ibig sabihin ay iyong mga patakaran sa mga direct selling na nagpupunta para mag-deliver sa mga sari-sari store? At kaugnay rito, tila siya ay may nakikita nga ng kagaya ng binanggit ni Brgy. Kgd. Freddie Pornobe doon sa may parting Calvario at aniya ay hindi niya iyon sinita dahil wala pa namang batas ukol rito. At batay sa nakapaloob sa **Seksyon 3, dito ay binabanggit na binibigyan ng karapatan ng pamahalaan ang pambayang kapulusinan Mun. Health Unit/RHU at tanggapan ng Punong barangay na magtakda sa mga taomg opisyal na magmomonitor at bantayan ang mga establisyementong nabanggit** ng nakaraang seksyon (III-a) kung sila ay tumatalima sa kautusang ito. Ibig sabihin ay pweding manita ang mga namumuno sa barangay/maaaring isumbong sa taumbarangay/Tanggapan ng Kapulisan kung sino man ang indibidwal na napunta sa barangay/sari-sari store. At binibigyan ng karapatan ang mga opisyales ng barangay na manita. Pumunta sa barangay hall at itala na sila ay dealer gamot, suriin kung sila ay talagang lisensyadong ng kinauukulang institusyon ng pamahalaan/FDA at hihingan na rin ng kaukulang pagpapatunay. Dagdag pa ni SB Romel Villanuevba na kung malimit na ang pagpunta sa barangay, isinuhesyon na siguro ay kailangang kumuha na ng Barangay Clearance para may karagdagang kita na rin ang barangay/o kaya naman ay karapatang makapagtingda sa inyong nasasakupang barangay. Kaya opinyon ni SB Romel Villanueva na dapat ay maglagay ng seksyon para isaad na: Kinakailangan ding magtungo sa pamahalaang barangay kung saan sila may suki/sinusuplayan na mga tindahan upang kumuha ng karampatang Barangay Permit/clearance.

Sa panig naman ni Brgy. Kagawad Victor at bilang isang may tindahan at tungkol sa mga gamot, itinanong iyong katulad nila na walang lisensya mula sa FDA ngunit bumibili naman sila sa tulad ng Mercury /sa botika/TGP ng panindang gamot, Ano daw ang kanilang magiging katayuan kapag hinanapan sila ng FDA approved. Dagdag pa ni Barangay kagawad na sa kadahilanang malayo ang kanilang barangay sa mga botika kaya hindi nila maiwasan na magtinda ng mga gamot at aniya, nakakasiguro naman sila na iyon ay mga FDA approved.

Sang-ayon kay Gng. Rosafe Rodriguez na sariling pananaw ay hindi nila iriristrikto ang pagtitinda ng mga gamot lalo na sa mga barangay na malalayo at suhestyon na ang ipagbawal ay iyon lamang mga antibiotics pero yaong tulad ng paracetamol, gamot sa sipon/ubo ay pweding itinda dahil iyon ay pang-emergency. Dagdag pa ni Gng. Rosafe Rodriguez na kahit daw sa mga botika/Mercury ang antibiotics ay hindi ipinagbibili ng walang resita , kaya dapat daw sa sari-sari store ay dapat din daw ay maging estrikto din sa mga atibiotics.

Bilang karagdagang paliwanag sinabi ni SB Glenn Haze Cabuhat, siguro ay ang pweding i-consider/ilagay doon sa talaan na iyong maliliit na tindahan na magbenta ng mga gamot, mapwera sa antibiotics at iyong ibang mga gamot na itinitinda ng ating mga sari-sari store lalo na iyong nasa malalayong barangay ay FDA approved, tulad nga ng binanggit ni barangay

Kagawad Victor na kumukuha sa TGP/Mercury Drug ng mga itinitindang gamot. Dagdag pa niya na minsan daw ay hindi maiiwasan na bumili ng mga gamot lalo na't pang-emergency, gaya ng paracetamol at talaga daw naman nababaggit din ng kanyang nanay na nagtatrabo sa ospital na hindi talaga pweding bumili ng antibiotics ng walang resita.

Paglilinaw ni SB Romel J. Villanueva kaugnay sa nabanggit ni Gng. Rosafe Rodriguez at SB Glenn Haze Cabuhat na ang dapat itinda ng maliliit na tindahan/sari-sari store ay iyong mga pangkaraniwang gamot at iyong mga antibiotics ay huwag magtinda.

Kaugnay sa isyung pinag-uusapan, kung saan ayon kay SB Romel Villanueva na doon sa PASUBALI na naging suhestyon na ito ay nais tanggalin, siguro daw ay baguhin/dagdagan na lamang ang nakasaad. Binalikan ang bahagi ng **seksyon IV-(a)- Na binibigyang karapatang makapagtinda ang mga negosyong grocery o wholesaler at mga may tindahang natitingi kung sila ay may lisensya mula sa FOOD AND DRUGS ADMINISTRATION.**

Sa ilalim nito isinuhestyon ni Gng. Rosafe Rodriguez na siguro sa seksyon IV ang kanyang suhestyon ay alisin na iyong salitang may lisensya sapagkat aniya ang FOOD AND DRUGS ADMINISTRATION ay napakalawak ng ibig ipagkahulugan/saklaw ng FDA, kaya isinuhestyon huwag ng ma-specify ang mga pangalan ng gamot at general na lamang ang ilagay gaya ng sumusunod: **gamot sa lagnat, gamot ubo at gamot sa sipon maliban sa antibiotics ng walang kaukulang resita.**

Itinanong din sa hapag kung ang gamot sa rayuma at pagtatae ay pweding itinda sa sari-sari stor?

Sang-ayon kay G. Rosafe Rodriguez na ang gamot sa rayuma ay hindi nila inirerekomenda dahil ito daw ay masyadong matalas sa bato at nakakasira nito. At doon naman sa gamot sa pagtatae ang inirerekomenda ng RHU ay oresol lamang.

Sinabi ni SB Romel Villanueva na kung gagawa ng ganitong ordinansa ay napakasalimoot at may mga guidelines na sinusunod, kagaya ng halimbawa'y ilalagay ang lahat ng gamot, aniya ito'y napakarami....

Sang-ayon naman kay SB Stephanie Princess De Guzman na kaya hinihingi rin ang opinyon ng kinauukulan ay dahil ang tunay nilalaman ng DILG Memorandum Circular, talagang lahat ay kasama; ang mga over the counter drugs/iyong mga basic drugs dahil kadalasan ay ang mga pangunahing gamot ang madalas na napepeke at ito ang kailangang tutukan at mabantayan, kaya hinihiling ni SB Princess de Guzman ang ibayong pagtutulong-tulong at kooperasyon ng bawat isa para sa implementasyon ng ordinansa.

Kaugnay pa rin sa antibiotics, kung saan ay nais linawin ni SB Glenn Haze Cabuhat na noon daw minsan siya ay SK pa at na duty sa kanilang barangay na daw ay may napuntang nahingi ng antibiotics(Amoxicillin) na walang resita at sila ay kanyang binibigyan. At itinanong kay Gng. Rosafe Rodriguez kung pweding humingi ng amoxicillin sa barangay ng walang resita?

Bilang tugon ni Gng. Rosafe Rodriguez na may mga BHS sa bawat barangay at may BHW na silang pinapayagan ng RHU para magbigay ng kung ano mang gamot na mayroon sa barangay at kahit antibiotics, ngunit aniya sila ay may instruction na tanungin munang mabuti ang tao bakit humihingi ng antibiotics bago magbigay ng gamot/antibiotics dapat ay alama din nila kung bakit sila humihingi ng gamot.

Bilang karagdagang impormasyon, sinabi ni SB Romel Villanueva na gaya ng mga barangay kagawad na nakatalaga sa Committee on Health sila ang mamahala ng gamot sa barangay, kaakibat rin ng mga BHW , kaya sila ay may karapatan na magbigay/mamahala ng mga gamot/antibiotics sa kanilang barangay. Dagdag pa ni SB Romel Villanueva na pweding namang ilagay sa seksyon na iyong mga gamot sa ubo/sipin at lagnat na maaaring magbenta iyong magtitingi at papatunayan lamang na kung mahuhuli na peke ang mga gamot ay saka papatawan ng kaparusahan. Dahil may seksyon ang DILG na maaring ring mag-atas ang SB ng isang opisyal/tauhan na siya maninita sa mga tindahan lalo't higit ay sa mga suplayer hindi angkop/peke ang gamot at walang lisensya mula sa Food and Drugs Administration.

Susog naman sa katanungan ni Barangay kagawad Victor, kung saan ay sinabi ni Barangay Kagawad Freddie Pornobe na tungkol sa isang may tindahan at para makasiguro ay iyong supplier ay silang hanapan ng permit mula sa FDA at kahit wala ng permit sa FDA ang mga may tindahan para hindi na sila gumastos pa, kaya ang kailangang may permit ay ang mga distributor/supplier ng gamot at bigyan ng sipi nito ang mga tindahan na dinadalahan nila ng gamot para iyon ang patunay na hindi peke ang itinitinda ng mga sari-sari store.

Sang-ayon naman kay SB Romel Villanueva na dapat, ang mga supplier ay palaging may dalang sipi ng katunayan na sila ay lisensyado. At higit sa lahat ay isinuhestyon niya na magsadya sa tanggapan ng barangay upang magbigay ng kanilang sipi ng permit/lisensya/ano mang bagay na katibayan na ang gamot nilang dala ay hindi peke dahil alam naman natin na marami ang mga dayuhan/mangangalakal na napunta rito sa atin kaya kailangang dumirekta sila sa barangay para malaman kung sila ay tunay na negosyante.

Sinang-ayunan ni Barangay kagawad Freddie Pornobe ang sinabi ni SB Romel Villanueva na dapat talaga'y magsadya sa tanggapan ng barangay upang sa ganoon ay mamonitor ang mga supplier/distributor ng mga gamot na nagtutungo sa bawat barangay

Sa puntong ito, sinabi ni SB Romel Villanueva na sa Seksyon III . MGA ALITUNTUNIN ay maglalagay ng (c) na ang mga supplier/distributor ng mga gamot ay magsadya sa tanggapan ng barangay na kanilang pinupuntahan upang magbigay ng sipi ng kanilang pagkakakilanlan/ lisensya at pati ang mga tindahan ay bigyan na rin ng sipi nito.

Itinanong din ni SB Glenn Haze Cabuhat kay Gng. Rosafe Rodriguez, kung ang mga sari-sari store ay pweding i-consider na magbenta ng mga amoxicillin?

Bilang tugon ni Gng. Rosafe Rodriguez, hindi rin niya inirerekomenda kahit simpleng antibiotics, gaya ng amoxicillin na ibenta sa mga sari-sari store/maliliit na tindahan.

Ipinararating rin ni Gng. Rosafe Rodriguez sa mga Barangay Kagawad na Chairman on health na sana at para maiwasan ang pagbili ng gamot sa mga sari-sari store ng mga taong barangay ay dapat mapaglaanan ng barangay ng sapat na pondo para sa pangkaraniwang gamot, gaya ng gamot sa lagnat,ubo at sipon para hindi na bumili ng gamot sa mga tindahan.

Sinabi ni SB Romel Villanueva na depende sa pondo ng barangay at naranasan daw niya na dito sa Poblacion ay may sapat na pondo, subalit kulang pa rin . At iyong iba namang sangay ng pamahalaan/kompanya tulad ng CBK na may walong (8) barangay na binibigyan ng gamot at pag minsan daw iyong labing-isang (11) barangay ay binibigyan naman nung walong (8) barangay dahil naiibak naman sa kanila, kaya nagtutulong-tulong na lamang.

Sa pagkakataong ito, isinuhestyon naman ni PEMS Arvin Flores na mahingan din ng paliwanag ang mga may-ari ng botika.

Sinabi ni G. Romel Villegas na talangang mayroong nabili sa kanilang botika ng walang dalang resita at iyon ay binibigyan nila dahil kailangan pero itinatanong din nila kung para saan.

Sang-ayon sa hapag ay pwede naman magbenta ang botika at ang ordinansa ay nakatuon sa mga sari-sari store/maliliit na tindahan na nagbebenta ng gamot.

Sinabi ni SB Romel Villanueva na ang mga may botika ay walang problema dahil sila ay talagang mga lisensyado. Muli ay binanggit niya na palibhasa nga'y ang ordinansang pinag-uusapan ay inabutan na niya sa simula sa kanilang pagkakaluklok sa Sangguniang Bayan at ninanais ng ito ay mawala na sa talaan ng mga Gawain, kaya sa tulong ng mga nagsidalo sa pagdinig na ito ay sinisikap ng lupon na ito ay mapagtibay na at maipatupad na rin.
Bilang karagdagang paliwanag ni Barangay Kagawad Freddie Pornobe tungkol sa mga gamot na ibinigay ng CBK kung saan ay talagang may-agreement ang mga barangay na bibigyan ang mga barangay na hindi nakakatanggap mula sa CBK dahil kailangang magtulungan. At tungkol naman sa paglaan ng pondo para sa gamot sa barangay, aniya ay hindi naman nagpapabaya ang namumuno sa barangay at ipina-priority ang gamot.

At sa pagtatapos ng Pampublikong Pagdinig, pinasalamatan ni SB Stephanie Princess de Guzman ang laha-lahat ng nakiisa at nagbahagi ng kanilang kaalaman para buuin ang ordinasa na may kaugnayan sa pagbebenta ng gamot .

Sapagkat walaa ng nais pang magpahayag tungkol sa paksa, kung kaya't napagkaisahan sa hapag na itindig na ang pagpupulong. Ito ay tinapos sa ganap na 10:55 ng umaga.

Inihanda ni:

ZAINE A. KACOSTALES
Admin. Asst. I

MAY KINALAMAN:

SB ROMMEL J. VILLANUEVA
TAGAPANGULO-LUPON SA MGA BATAS AT ORDINANSA

SB STEPHANIE PRINCESS D. DE GUZMAN
TAGAPANGULO-SA PANGKALUSUGAN AT PANGKALINISAN

SB GLENN HAZE M. CABUHAT

SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI
LALAWIGAN NG LAGUNA

**Republic of the Philippines**
**Province of Laguna**
**Municipality of Cavinti**

# ATTENDANCE SHEET

November 23, 2020
Public Hearing

| NO. | NAME | OFFICE/DESIGNATION | CONTACT NO. | SIGNATURE |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Norberto Iwaray | Ihao-Awan | 09619908992 | |
| 2 | Benedict G. Conde | Sisilmin | | |
| 3 | Prefecation P. Minas | Kan. Talaongan | 0928-229-016 | |
| 4 | Carmencita B. Juanillo | Duhat | 0935-93-83158 | |
| 5 | Mylene J. Morales | Layasin | 09500249[illegible] | |
| 6 | Rommel S. Villegas | Anglas | 09159016678 | |
| 7 | Lea R. Civeros | Bukal | 09475914214 | |
| 8 | Annabelle T. Peras | Sumucab | 09102243131 | |
| 9 | Maryjane R. Juanillo | Anglas | 09422460098 | MRJuanillo |
| 10 | Marife D. Blaza | Layug | 09665998100 | |
| 11 | Victor M. Menamitu | Bucal | 09515824508 | |
| 12 | PEMS Arvin A. Flores | PNP-DCOP | 09431332798 | |
| 13 | Freddie P. Pornobe | [illegible] | 091008[illegible]2692 | |
| 14 | Leonarda F. Hisarza | Labayo | 09577113808 | |
| 15 | Maricel C. Valdopeñas | Udia | 09281842586 | |
| 16 | Mariel G. Arroyo | Duhat (JGP) | 09353336149 | |
| 17 | Romel J. Villanueva | SB Member | 09094362749 | |
| 18 | De Guzman Stephanie | SB Member | 09152584658 | |
| 19 | Glenn Haze M. Cabuhat | SB Member | 09688960277 | |
| 20 | Rosafe M. Dominguez | Nurse III | 09193168504 | |
| 21 | Ragine Kyle L. Valente | DOH Nurse II | 09189481092 | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Cavinti

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
STA. CRUZ, LAGUNA
RECEIVED
JAN 24 2023
By: WYter Ref #:
2:24 pm
sangguniangpanlalawigan@gmail.com
#(049) 501-1026/(049) 808-4150

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Enero 23, 2023

KGG. FRANCISCO R. MACABUHAY
Kalihim
Sangguniang Panlalawigan
Sta. Cruz, Laguna

Mahal na Kalihim:

Magalang na isinusumite sa inyong Tanggapan ang naritong kalakip na Pambayang Kautusan Blg. 003-2022 na may pamagat na "Isang Kautusan na Mahigpit na Ipinagbabawal ang Pamamahagi,Pagbebenta ng mga Produktong Pambotika sa mga Tindahang Nagtitingi at Iba Pang Establisiyentong Kauri nito sa Nasasakupan ng Bayan ng Cavinti,Laguna", na napagtibay ng Sangguninang Bayan ng Cavinti, Laguna.

Mangyaring patunayan ang pagtanggap nito.

Lubos na gumagalang,

NIZZSHELL T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan